Be **Red Cross** Ready

*Prepare so you can protect.*

American Red Cross

# Checklist ng Pagiging Handa sa Pagkawala ng Kuryente

Ang pagkawala ng kuryente ay nagaganap kapag napuputol ang daloy ng kuryente. Planado man o di-inaasahan, maaari itong magtagal ng ilang araw o mas mahaba, na gagambala sa komunikasyon, tubig, transportasyon, mga tindahan, bangko, at iba pang serbisyong pangkomunidad. Ang ibig sabihin noon ay maaaring walang kuryente ang inyong tahanan para matugunan ang mga pang-araw-araw na pangangailangan gaya ng ilaw, pagpapainit, pagpapalamig ng pagkain at gamot, paghahanda ng pagkain, komunikasyon, at medikal na kasangkapan. Magplano na ngayon para magkaroon na ng kailangan ninyo at para malaman kung paano makakapanatiling ligtas.

## Bago

**Bumuo ng Network ng Suporta:** Tumukoy ng mga taong makakatulong sa inyo na manatili sa bahay o lumikas kapag matagal nang walang kuryente. Magtago ng papel na kopya ng listahan ng mga kontak ninyo dahil baka hindi ninyo magamit ang listahan sa inyong telepono.

**Manatiling Nakakonekta at Alerto:** Magkaroon ng mga device na pangkomunikasyon na gagana kahit walang kuryente, kabilang ang de-pihit (crank) o de-bateryang radyo, non-cordless na telepono, at mga portable na charger/baterya para sa inyong mga cell phone. Mag-sign up para sa mga sistema ng alerto at mga app para sa mga alerto sa text.

**Mag-imbak ng Pagkain at Tubig:** Magtabi ng mga pagkaing hindi agad nasisira, at mga supply ng tubig para sa kahit dalawang linggo. Pag-isipan ang paggamit ng mga palamigan (cooler) at yelo para mapatagal ang pagpapalamig sa pagkain, at gumamit ng thermometer para malaman ninyo kung kailan dapat itapon ang pagkaing naging mas mainit na sa 40 degrees F.

**Alamin at Magplano para sa Inyong mga Pangangailangang Personal at Medikal na De-kuryente:** Mag-imbentaryo ng inyong mga kailangan na de-kuryente. Isaalang-alang ang pagkakaroon ng reserba at mano-mano/di-nangangailangan ng kuryenteng mga alternatibo para sa inyong mga pangangailangan gaya ng ilaw, komunikasyon, mga medikal na device, pagpapalamig ng gamot, pagluluto ng pagkain, mga pintuan ng garahe, mga de-kuryenteng kandado at pintuan, mga elevator.

**Magplano para sa Pagpapainit o Pagpapalamig ng Inyong Tahanan:** Gumamit ng mga pamamaraang gaya ng mahigpit na pagtatakip sa paligid ng mga bintana upang mapainitan ang inyong bahay. Kung napakainit o napakalamig ng panahon, maaaring kailanganin ninyong pumunta sa isang lokasyong may pampalamig (air conditioning) o pampainit. Huwag kailanman gumamit ng generator, mga panlabas na stove o heater, sa loob.

**Maghanda ng Reserbang Baterya at Generator Power:** Mag-imbak ng mga ekstrang baterya para sa mga karaniwang bagay (mga flashlight, radyo) at medikal na kasangkapan (mga pantulong na device gaya ng hearing aid). Kung gumagamit kayo ng de-kuryenteng medikal na kasangkapan o kung umiinom ng gamot na iniimbak sa malamig, makipag-usap na sa inyong pangunahing tagapag-alaga o pinagkukunan ng medikal na device para makapagplano.

**Magkabit ng mga Alarma sa Usok at mga Alarma sa Carbon Monoxide:** Magkabit ng mga alarma na may reserbang baterya sa bawat palapag, sa loob at labas ng mga dakong tinutulugan. Suriin buwan-buwan. Tiyakin na mayroon kayong pang-detect ng carbon monoxide sa bawat palapag ng inyong bahay.

**Magplano para sa Proteksyon laban sa Daluyong (Surge):** Tiyakin na napapanahon ang inyong mga pamprotekta laban sa daluyong para sa electronics (de-kuryenteng gamit), at na ikakabit ng isang kwalipikadong elektrisista ang mga pamalit na switch kung kayo ay gumagamit ng generator.

**Planuhin Kung Paano Magpapasya Kung Mananatili o Aalis:** Kung mayroon kayong mga pangangailangan gaya ng pampainit o pampalamig o mga medikal na kasangkapang kailangan ng kuryente, planuhin kung paano at kailan kayo lilikas nang ligtas upang makuha ang inyong mga pangangailangan. Panatilihing kahit nasa kalahati ang tangke ng gas ng inyong kotse dahil ang mga estasyon ng gasolina ay umaasa sa kuryente

## Habang

**Subaybayan ang mga Alerto:** Alamin ang mga lokal na ulat ng panahon at anumang mga notipikasyon sa pamamagitan ng telepono, telebisyon, o radyo. Maaaring pumunta sa inyong tahanan ang mga opisyal ng palingkurang-bayan para abisuhan kayo tungkol sa binabalak na pagpatay ng kuryente. Kung mayroon, mag-sign up para sa mga lokal na sistema ng alerto at babala upang maabisuhan kayo sa pamamagitan ng tawag o text sa inyong telepono.

**Makipag-ugnayan sa Inyong Network ng Suporta:** Ipaalam sa mga tao sa inyong network na AYOS kayo, alamin kung AYOS sila, at magsabihan kayo kung kailangan ninyo ng tulong.

**Panatilihing Malamig ang Pagkain at Kung Nag-aalinlangan, Itapon Ito:** Kainin muna ang inyong sariwa, madaling masirang pagkain. Iwasan ang pagbukas sa inyong refrigerator at freezer para mapreserba ang lamig. Gumamit ng mga palamigan (cooler) na may yelo kung kinakailangan. Sukatin ang temperatura ng pagkain sa inyong refrigerator at freezer gamit ang isang thermometer; itapon ang pagkain na naging mas mainit na sa 40 degrees F.

**Iwasan Labis na Pagkakarga ng Boltahe at Mga Panganib sa Sunog:** Alisin sa saksakan ang mga gamit at electronics para makaiwas sa labis na pagkakarga ng boltahe o pinsala sanhi ng pagdaluyong ng kuryente. Gumamit ng mga flashlight, huwag mga kandila. Patayin lang ang mga kasangkapan kapag sa tingin ninyo ay may sira o kung pagbilinan kayo ng mga lokal na opisyal na gawin ito. Ang linya ng inyong gas ay maaari lang buksan ng isang kwalipikadong propesyonal. Kung namatay ang alinman sa mga circuit breaker, makipag-ugnayan sa isang elektrisista para mainspeksyon ang mga ito bago buksan.

**Pigilan ang Pagkalason dahil sa Carbon Monoxide:** Huwag gumamit ng gas stove para painitan ang inyong tahanan at huwag gumamit ng mga panlabas na stove sa loob, para sa pagpapainit o pagluluto. Kung gumagamit ng generator, panatilihin ito sa labas, sa mahangin na dako na malayo sa mga bintana.

**Magpasya Kung Kailangan Ninyong Manatili o Umalis:** Lumikas kung ang inyong tahanan ay napakainit o napakalamig, o kung mayroon kayong mga medikal na kasangkapang nangangailangan ng kuryente. Ang mga komunidad ay madalas na mayroong mga sentro sa pagpapainit o pagpapalamig at mga estasyon sa pagcha-charge.

## Pagkatapos

**Manatiling Malayo Sa Mga Linya ng Kuryente:** Manatili nang hindi bababa sa 35 talampakang layo mula sa mga bumagsak na linya ng kuryente at sa anumang nadadampian ng mga ito. Tumawag sa 911 at ipaalam ito sa kanila.

**Umiwas sa Electrical Shock sa mga Nabahaang Lugar:** Huwag pumunta sa mga bahang lugar ni gumamit ng anumang mga de-kuryenteng kagamitan o electronics na maaaring nalubog. Ipasuri ang sistema ng kuryente sa isang kwalipikadong inspektor.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang redcross.org/prepare

Copyright © 2020 by the American National Red Cross

253901-16 8/20